# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Filipino Baitang 1
## Ikalawang Markahan

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Aralin 1: Si Landong Matalino

### A. Panimula

Ipatukoy sa mga mag-aaral kung **TAMA** o **MALI** ang sumusunod na mga panuto.

______ 1. Huwag pulutin ang mga papel sa sahig.

______ 2. Magwalis sa loob ng silid-aralan.

______ 3. Mag-ingay.

______ 4. Huwag magkalat.

______ 5. Pumila ng maayos.

### B. Katawan

#### 1. Kasanayang Pampanitikan

Ipagawa ang binabanggit.

Ikaw ang tagapangalaga ng bagong parke. Pinagagawa ka ng mga larawan na nagpapakita ng pagpapahalaga at pangangalaga sa parke. Maglalagay ka rin ng mga panuto batay sa mga ito at ipapaskil sa iba't ibang bahagi ng parke. Gawin ang mga ito sa isang malinis na papel.

Pakikinig: Ipabasa ang tulang pinamagatang "Si Landong Matalino."

**Si Landong Matalino**

Mayroon akong kuwento
Tungkol ito kay Lando
Na bantog sa 'ming baryo
Na ubod ng talino.

Lahat ng paligsahan
Na kanyang sinalihan
Laging maaasahan
Panalo sa listahan.

Minsa'y tinatanong siya
Kung ano ang nais n'ya
Wari kasi ng iba
Lahat nasa kanya.

Ngumiti lamang siya
At lahat napamangha
Na may halong paghanga
Sa winika ng bata.

**Pamantayang Pangnilalaman:**
Naipamamalas ang kakayahan sa pamanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan.

**Pamantayang Pagganap:**
Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan, at damdamin.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Naiguguhit ang naibigang bahagi ng napakinggang kuwento (batay sa tunay na buhay).
2. Nakapagbibigay ng maikling panuto na may 1-2 hakbang.
3. Nabibilang ang salita sa isang pangungusap.

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

Itong batang si Lando
Di lamang matalino
Mabait ding totoo
Masipag ding pinuno.

Kaya naman dangal s'ya
Ng kanyang ama't ina
Na laging natutuwa
Sa kanyang ginagawa.

"Pag-ibig sa'ting puso
Ang magharing totoo
at mapayapang mundo.
Iyan po ang hangad ko."

Mula sa Ang Wikang Filipino, "Si Landong Matalino" pahina 75.

**2. Pagpapayaman**

a. Ipasagot ang mga tanong upang matiyak ang natutuhan ng mga mag-aaral sa tekstong pinakinggan.
   1. Tungkol kanino ang tula?
   2. Ano-ano ang magagandang katangian ni Lando?
   3. Ano ang minsang itinanong kay Lando?
   4. Kahanga-hanga ba ang kaniyang sagot? Bakit?
   5. Dapat bang ikarangal si Lando ng kaniyang mga magulang? Bakit?
   6. Kung ikaw si Lando, maghahangad ka rin ba ng kapayapaan para sa mundo? Bakit?

b. Ipabilang ang mga salita sa bawat linya ng tula. Pagkatapos, ipabilang din ang salita sa loob ng isang saknong. Maaaring bigyang-diin ang bilang ng linya sa bawat saknong.

c. Itanong sa mga mag-aaral kung anong bahagi ng tula ang nagustuhan nila. Ipasubok sa kanilang iguhit ito. Maaari itong


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

gawing pangkatan. Maaari ding tulungan ang bawat grupo sa pamamagitan ng pagtatanong kung ano ang nais nilang ilagay sa kanilang larawang iguguhit.

Isang alternatibo ang pagguhit ng larawan sa pamamagitan ng kolaboratibong gawain. Hingin ang panuto mula sa mga mag-aaral kung ano ang mga nais nitong ilagay sa larawan at pagkatapos ay sundin ito hanggang mabuo ang nais na awtput.

3. **Pagpapalawig**

Lagyan ng tsek (✓) ang hanay na nagsasabi kung gaano mo kadalas ginagawa ang mga ito.

| | Madalas ginagawa | Paminsan-minsan ginagawa | Hindi ginagawa |
|---|---|---|---|
| 1. Tumutulong sa mga gawaing-bahay | | | |
| 2. Magdasal | | | |
| 3. Humihingi ng paumanhin kapag nagkamali | | | |
| 4. Masayang nakikipaglaro sa mga kaibigan | | | |
| 5. Magalang makipag-usap sa nakatatanda | | | |

## C. Kongklusyon

### 1. Paglalahat

Ipaliwanag na ang salawikain at kasabihan ay naglalaman ng magagandang kaisipan o mensahe.

Halimbawa:

Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa

– Ang ating talino at kakayahan ay biyaya ng Diyos. Gamitin natin ang biyayang ito upang umunlad tayo at nang hindi tayo maging kaawa-awa.

REX iNTERACTIVE The online educational portal for teachers, students, and parents

**2. Pagpapahalaga**

Pabigyan-pansin sa mga mag-aaral ang pangungusap: "Bigyang-halaga ang pag-aaral upang magkaroon ng magandang kinabukasan."

**Takdang Aralin**

Sumulat ng isang salawikain o kasabihan at ipaliwanag ang ibig sabihin nito. Maaari ring sabihin sa mga kasama sa bahay na tulungan kayong gumuhit ng larawang kaugnay nito.




Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

## Aralin 2: *Field Trip* sa UST

**A. Panimula**


Magpakita ng mga larawan. Aayusin ito ng mga mag-aaral ayon sa tama nitong pagkakasunod-sunod.



**B. Katawan**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Magpakita ng larawan at susuriin ito ng mga mag-aaral.




Itanong: Ano ang nakikita ninyo mula sa larawan?

Sabihin na maaari ding magtanong ang mga mag-aaral tungkol sa larawang kanilang nakikita.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan.

**Pamantayang Pagganap:**

Nauunawaan ang ugnayan ng simbolo at ng mga tunog.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nakapagtatanong tungkol sa isang larawan.
2. Naisasakilos ang napakinggang awit.
3. Nasisipi nang wasto at malinaw ang salita mula sa hulwaran.

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

**_Field Trip_ sa UST**

*Field trip* ng klase ni Binibining Navarro. Una nilang pinuntahan ay ang Unibersidad ng Santo Tomas o UST. Humanga ang mga mag-aaral sa ganda at lawak ng unibersidad. Bago sila bumaba, nagbigay ng mga tagubilin ang kanilang guro.

**Binibining Navarro:** Mga bata, narito tayo sa UST. Bago kayo bumaba, dapat ninyong tandaan at sundin ang sumusunod:

- Pumila nang maayos.
- Huwag humiwalay sa pila.
- Magpaalam kung may ibang pupuntahan.
- Kapag naligaw kayo, humingi agad ng tulong sa guwardiya.
- Huwag magkalat.
- Huwag pipitas ng kahit anong halaman.
- Huwag kumain habang naglilibot.
- Huwag mag-iingay.

**Mga Mag-aaral:** Opo, Binibining Navarro!

Mabilis na bumaba ng bus ang mga bata. Tahimik at maayos silang pumila. Sinalubong sila ni Ginoong Dela Torre at ng limang mag-aaral ng UST. Sila ang gagabay sa kanila sa paglilibot. Habang naglalakad sila, isinalaysay ni Ginoong Dela Torre ang ilang impormasyon tungkol sa UST.

**Ginoong Dela Torre:** Isa ang UST sa pinakamatandang paaralan sa Pilipinas. Itinatag noon pang panahon ng mga Espanyol.

**Carlo:** Anong taon po iyon?

**Ginoong Dela Torre:** Itinatag ang UST noong 1611. Pinamumunuan ito ng mga paring Espanyol.

**Luis:** Naku, ang tagal na pala ng UST. Mga pari po ba ang mga guro rito noon?

**Ginoong Dela Torre:** Oo. Halos lahat ng mga guro noon ay mga paring Espanyol. Sila rin ang nagdala sa atin ng pananampalatayang Kristiyanismo.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**Cora:** Sino-sino po sa mga kilalang tao sa ating lipunan ang nag-aral sa UST?

**Ginoong Dela Torre:** Maraming kilalang tao ang nag-aral sa UST. Kabilang dito sina Manuel L. Quezon, Sergio Osmeña, Jose P. Laurel, Diosdado Macapagal, Jose Rizal, Marcelo H. del Pilar, Antonio Luna, Apolinario Mabini, Emilio Jacinto, Graciano Lopez-Jaena, at San Lorenzo Ruiz. Marami ring kilalang siyentipiko, manunulat, abogado, guro, at pinuno ng simbahan at pamahalaan ang nag-aral sa UST.

**Mylene:** Gusto ko ring mag-aral sa UST.

**Mga Mag-aaral:** Kami rin!

Ipinakita pa sa kanila ni Ginoong Dela Torre ang iba't ibang gusali sa loob ng UST.

Pumunta sila sa museo, simbahan, at iba pang magagandang lugar sa unibersidad.

Pagkatapos nilang malibot ang buong UST, bumalik na sila sa kanilang bus. Nang nakaupo na ang mga bata, napansin ni Binibining Navarro na tatlong mag-aaral ang nawawala.

Dali-dali siyang bumaba ng bus upang hanapin ang mga mag-aaral. Malayo pa lang sila natanaw na niya ang mga ito. Kasama sila ng guwardiya.

**Binibining Navarro:** Saan ba kayo nagpunta?

**Gina:** Nagpunta po kami sa CR. Pagbalik po namin ay wala na kayo.

**Ronnie:** Naligaw po kami.

**Binibining Navarro:** Hindi ba ang sabi ko ay huwag kayong hihiwalay sa pila at magpaalam kayo kapag may iba kayong pupuntahan?

**Gina:** Paumanhin po. Hindi po namin sinunod ang mga bilin niyo.

**Guwardiya:** Mabuti na lang po at lumapit sila sa akin.

**Mara:** Maraming salamat po!

**Guwardiya:** Walang anuman.

**Binibining Navarro:** Kaya lagi kayong sumunod sa mga bilin ko.

**Gina, Mara, at Ronnie:** Opo. Hindi na po ito mauulit.

**Binibining Navarro:** O sige, umakyat na kayo. Pupunta pa tayo sa iba pang magagandang lugar dito sa Maynila.

At tuwang-tuwang nagpatuloy ang mga bata sa kanilang *field trip*.

2. **Pagpapayaman**

   Tiyakin kung naunawaan ng mag-aaral ang kuwentong napakinggan.

   a. Saan isinagawa ang *field trip* ng klase ni Binibining Navarro?

   b. Ano-ano ang tagubilin ni Binibining Navarro bago sila bumaba ng bus?

   c. Paano ginabayan ang mga mag-aaral sa kanilang paglilibot?

   d. Ano ang halaga ng *field trip*?

   e. Gaano kahalaga ang pagsunod sa mga tagubilin o panuto? Magbigay ng isang halimbawa.

3. **Pagpapalawig**

   Ipaawit ang awit ng "Panuto" sa tono ng Leron, Leron Sinta. Palagyan din ng kilos.

**Panuto**

Pumila nang maayos. Huwag humiwalay
Laging magpaalam kung may ibang
pupuntahan.
Kapag naligaw kayo, humingi ng tulong
Sa mga guwardiya, o ibang matanda.

Huwag ikalat, ang inyong basura
Itapon niyo ito sa tamang basurahan
Upang paligid, maging maganda
At ang iyong katawan lagi ring masigla.

Huwag pipitas ng kahit anong halaman,
Upang kaaya-aya hardin ng eskuwelahan.
Huwag mag-ingay sa labas ng silid-aralan,
Nang ang mga mag-aaral laging mahusay.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

C. **Kongklusyon**

**Paglalahat**

Sabihin na ang panuto o tagubilin ay mga salita o pangungusap na magsasabi ng mga bagay na dapat gawin. Napakahalagang bagay ang pagsunod sa panuto. Maaaring masaktan ang isang tao kung hindi susunod sa mga ito, kaya pakinggan, unawain, at tandaan lagi ang mga panuto.

**Pagpapahalaga**

Ipaliwanag ang pagpapahalaga na nakuha mula sa aralin sa pamamagitan ng panuto sa ibaba.

Sabihin: "Pangungunahan mo ang pagsunod sa ilang mga panuto sa pagpapanatili ng kalikasan at kaayusan sa loob at labas ng silid-aralan."

Isusulat ang sumusunod na mga panuto.

1. Pulutin ang mga nakakalat na papel sa sahig.
2. Magwalis sa loob at labas ng silid-aralan.
3. Iligpit ang mga gamit sa tamang lagayan.
4. Punasan nang maayos ang mga mesa at upuan.
5. Panatilihin nakasara ang pintuan.

Sasabihin sa mag-aaral na "Isa-isahin mong ipakita ang pagsunod dito."

**Takdang Aralin**

Ibahagi sa klase ang mga panuto o tagubilin ng iyong mga magulang.

## Aralin 3: Ang Alamat ng Lawa ng Sampalok

**A. Panimula**

Ipatukoy sa mga mag-aaral kung ano ang mga alam nilang kuwento ng pinagmulan o ng alamat.

Subukang ipakuwento ito.

**B. KATAWAN**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Magpakita ng larawan sa mga mag-aaral.

Pakikinig*:* Basahin ang "Ang Alamat ng Lawa ng Sampalok" upang mapakinggan ng mga mag-aaral ang tamang pagbasa nito.

### Ang Alamat ng Lawa ng Sampalok

Noong unang panahon, mayroong mag-asawa na nakatira sa Laguna. Maraming puno ng sampalok sa kanilang paligid. Ang mga puno ay hitik sa bunga. Napakatamis ng mga bunga.

Hindi nila kayang ubusin ang mga bunga ng mga puno sa paligid. Ipinagbibili nila ang mga ito. Napabalita na ubod ng tamis ang kanilang mga sampalok. Dinarayo ng mga tao ang kanilang lugar para bumili. Yumaman ang mag-asawa.

Isang araw, mayroong matandang gusgusin na napadako sa kanilang lugar. Humingi siya ng sampalok sa mag-asawa dahil siya ay gutom na. Nagalit ang mag-asawa dahil wala siyang perang pambayad. Pagalit na ipinagtabuyan nila ang matanda.

Nakiusap na muli ang matanda dahil siya ay gutom na gutom na. Lalong nagalit ang mag-asawa Kaya pinakawalan ng lalaki ang kanilang aso para matakot ang matanda.

Nang malapit na ang aso sa matanda ay itinaas niya ang kanyang kamay. Biglang huminto sa pagtahol at pagtakbo ang aso. Namangha ang mag-asawang maramot. Nang itaas niyang muli ang kanyang kamay, nakatayo na lamang at matigas na ang mag-asawa. Tumalikod na ang matanda at mabilis na lumayo.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan.

**Pamantayang Pagganap:**

Naisasagawa ang mapanuring pagbasa upang mapalawak ang talasalitaan.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang alamat.
2. Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto sa tulong ng larawan.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Ilang sandali lamang ay may matalim na kidlat at malakas na kulog na narinig. Bumuhos ang napakalakas na ulan. Matagal na umulan at bumaha sa pook na iyon. Nang tumila ang ulan, nawala na ang mga puno ng sampalok. Nawala na ang bahay ng mag-asawa. Nawala na rin ang mag-asawa. Hindi na nawala ang tubig sa lugar na iyon hanggang sa tinawag itong Lawa ng Sampalok.

**Sanggunian:** *Pandayan* 1, pahina 231-233

2. **Pagpapayaman**

   Ipasasagot ang mga tanong upang matiyak ang pagkaunawa ng mga mag-aaral sa pinakinggang teksto.

   a. Sino ang binabanggit sa kuwento?

   b. Saan sila nakatira?

   c. Bakit dinarayo ang kanilang pook?

   d. Bakit ayaw bigyan ng mag-asawa ng sampalok ang matanda?

   e. Ano ang nangyari sa kanilang pook?

   f. Ano kaya ang nangyari sa mag-asawa?

3. **Pagpapalawig**

   Ipagawa sa mga mag-aaral ang pagsusunod-sunod ng pangyayari sa kuwento sa pamamagitan ng larawan. Maaaring gumuhit ng larawan sa pamamagitan ng biswal na presentasyon sa *PowerPoint* o kaya nama'y iguhit sa *manila paper* o kartolina.

**C. Kongklusyon**

**Paglalahat**

Sabihin sa mag-aaral na madaling mapag-ugnay ang mga pangyayari sa kuwentong binabasa kung inuunawang mabuti ang nilalaman nito.

**Pagpapahalaga**

Pagbigyan-pansin ang pangungusap na ito.

"Matutong magbahagi ng biyayang natatanggap sa kapwa."

**Takdang Aralin**

Isulat sa kwaderno ang ginawang pagtulong sa kapwa. Ibahagi ito sa klase.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

## Aralin 4: Panghalip na Panao (Ako, Ikaw, at Siya)

**A. Panimula**

Sabihin sa mga mag-aaral na tukuyin ang pangngalan sa sumusunod na mga pangungusap:

1. Si Robin ay matalino.
2. Si Maria ay nanalo sa paligsahan.
3. Nadapa si Rowena.
4. Nagluluto si Aling Maring.
5. Masipag mag-aral si Korina.

**B. Katawan**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Iparinig o ipabasa sa mga mag-aaral ang usapan.

**Nanay:** Anak, aalis **ako** sandali. **Ikaw** muna ay tumangi sa bahay.

**Anak:** Opo, Nanay. **Ako** na po ang bahala rito.

**Nanay:** Alagaan mo si Boyet. **Siya** ang kasama mo.

**Anak:** Opo Nanay. Mag-ingat po kayo.

Pakikinig: Pansinin ang mga salitang initiman

Ang mga salitang **ako**, **ikaw**, at **siya** ay panghalip. Ginagamit ang mga itong pamalit sa pangalan ng tao.

**2. Kasanayang Panggramatika**

Talakayin ang panghalip na ako, ikaw, at siya. Pagkatapos, ipabasa ang mga pangungusap.

- Aalis ako sandali.
- Ikaw muna ang tumingin sa bahay.
- Siya ang kasama mo.

**3. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Ipasulat sa mga mag-aaral ang diyalogo ng may tamang bantas.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan.

**Pamantayang Pagganap:**

Naipamamalas ang iba't ibang kasanayan upang makilala at mabasa ang mga pamilyar at di-pamilyar na salita.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nagagamit ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao (ako, ikaw, at siya).
2. Naisusulat nang may wastong baybay at bantas ang mga salitang ididikta.

Punan ang unang patlang ng mga panghalip na **ako**, **ikaw**, o **siya**. Punan naman ng tamang bantas ang pangalawang patlang.

Tao po, tao po!

a. _____________ ba iyan, Robin ___.

b. Hindi po ______________ po si Aton ____.

c. _____________ naman po si Pamela___.

d. Akala ko ay ___________ ang aking apo___.

e. Kamukha mo ___________________.

Magdidikta ng maikling pangungusap upang tamang maisulat ng mga mag-aaral ang baybay at bantas.

- Siya si Boyet.
- Ako ang kuya.
- Ikaw ba ay Kuya din?

**C. Kongklusyon**

**Paglalahat**

Ipaalala sa mag-aaral ang gamit ng panghalip.

Ang panghalip ay ginagamit na pamalit sa pangalan ng tao.

Ang **ako** ay ginagamit kung ang tinutukoy ng nagsasalita ay ang kanyang sarili.

Ang **ikaw** ay ginagamit kung ang tinutukoy ay ang kausap.

Ang **siya** ay ginagamit kung ang tinutukoy ay hindi kasama sa mga nag-uusap.

**Takdang Aralin**

Gumawa ng isang diyalogo na gumagamit ng **ako**, **ikaw**, at **siya**.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Aralin 5: Ang Mundo

**A. Panimula**

Ipabasa ang diyalogong gumagamit ng panghalip na **ako, siya,** at **ikaw** na ipinagawa sa mga mag-aaral noong nakaraang araw.

**B. Katawan**

**1. Kasanayang Pampanitikan**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang tanong na ito.

Ano ang magagawa mo para sagipin ang mundo?

Pakikinig: Ipabasa ang tulang "Ang Mundo" sa isang mag-aaral na mahusay nang bumasa. Makikinig ang mga kamag-aral. Maaari namang guro na lamang ang magbasa nito.

**Ang Mundo**

Maganda ang mundo
Tirahan ng mga tao
May mga bundok, ilog, at puno
Sadyang katangi-tangi para sa tao.

Ngunit ngayon, masdan mo ang mundo
Nasira na ang likas na ganda nito
Batas ng kalikasan ay nilalabag
Ng mga taong walang habag.

Kaya naman, ano ang nangyari?
Bagyo, baha, lindol, at buhawi
Maraming nasirang ari-arian
Buhay na nasawi ay di mabilang.

Dahil sa ilegal na pagputol ng mga puno
Kagubatan ay nakalbo
Di pa huli, mayroon pa tayong magagawa
Tumulong tayo, sagipin ang mundo!

**Sanggunian:** *Pandayan 1*, pahina 286-287

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan.

**Pamantayang Pagganap:**

Nagkakaroon ng papaunlad na kasanayan sa wasto at maayos na pagsulat.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Naibibigay ang paksa ng talatang napakinggan.
2. Masasabi ang mensahe ng isang babala.
3. Nagagamit ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao (ako, ikaw, at siya).

2. **Pagpapayaman**

Pag-uusapan ng mga mag-aaral ang tula.

a. Saan nakatira ang mga tao?

b. Ano-ano ang nakikita sa mundo?

c. Bakit nasisira ang ganda ng mundo?

d. Anong trahedya ang nangyari?

e. Ano ang maaaring gawin upang mapanatili ang ganda ng mundo?

3. **Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Ipatukoy sa mga mag-aaral ang diwa ng pangungusap.

a. Labis ang kanyang pag-aalala nang bumaha dahil sa malakas na __________.

b. ____________ na maganda ang mga palay sa bukid.

c. Dapat natin pahalagahan ang maraming mga bayaning _____________ ng buhay.

d. Mabilis na lumangoy si Sajid Bulig upang ____________ ang mga nalulunod.

e. ____________ ang pagputol ng puno kung walang permiso mula sa pamahalaan.

4. **Gramatika**

Ipaliwanag ang ibig sabihin ng paksang binabasa o pinakikinggan. Pagkatapos, isa-isahing basahin ang saknong ng tula. Itanong ang paksa ng bawat isa. Maaring itanong ang sumusunod upang gabayan ang mga mag-aaral.

Saknong 1 – Ano ang masasabi ninyo tungkol sa mundo?

Saknong 2 – Ano ang nangyayari sa mundo ngayon?

Saknong 3 – Ano ang bunga ng hindi nating pag-aalaga sa mundo?

Saknong 4 – Paano masasagip ang ating mundo?



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

5. Ituturo ang ibig sabihin ng sumusunod na mga babala.

   Halimbawa:




**C. Kongklusyon**

**1. Paglalahat**

Ang **paksa** ang pinag-uusapan sa talatang binabasa o pinakikinggan.

**2. Pagpapahalaga**

Pabibigyan-pansin ang pangungusap na ito.

Sabihin: Matutong sumunod sa babala upang makaiwas sa kapahamakan.

**Takdang Aralin**

Gumawa ng mga babala na magbibigay impormasyon sa mga tao.

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents